# Estratehiya At Kasanayan Sa Akademikong Pagsulat Ng Mga Mag-Aaral Sa Senior High School: Batayan Sa Pagbuo Ng Mga Estratehiya Ng Pagtuturo Ng Akademikong Pagsulat

*(Strategies And Level Of Skills Of The Senior High School Students In Academic Writing: Basis For Crafting Strategies For Teaching Academic Writing)*

**Jennyfer B. Espiritu, LPT**
Communication Arts, Secondary High School Teacher
University of La Salette, Inc.
Santiago City, Isabela, Philippines
espiritujennyfer.ulshs@gmail.com

**Marina Dacaca-Acerit, Ph.D**
Associate Professor IV
Isabela State University – Echague (Main Campus)
Echague, Isabela, Philippines
aceritmarina@gmail.com

***Abstract*— The main objective of this study is to identify the different strategies in writing used by senior high school students as well as to assess their level of skills in academic writing which will serve as a basis for the creation of strategies for teaching academic writing. This study used descriptive and correlation research designs. The respondents were Grade 12 Students from ABM, HUMMS, and STEM Strand since they had the subject – Filipino sa Piling Larangan which involves academic writing. The result shows that strategies in the pre-writing, during writing, and post-writing stages were used by the respondents always and/or most of the time. It was also discovered that 130 or 38% of the students had low levels of skills in academic writing which signifies that teachers need to incorporate appropriate strategies to hone the skills that lie within academic writing. More so, there is no significant relationship between the students' writing skills and the pre-writing and post-writing strategies that the students used while the study also reveals that the strategies that were used during the writing stage had a positive effect on making their outputs better and effective.**

***Keywords—writing strategies, writing skills, academic writing, metacognitive strategy, Philippines***

## I. INTRODUCTION

Ang pagsulat ay isa sa makrong kasanayang dapat malinang sa isang mag-aaral. Ito ay kasanayang pangwika na lubhang makabuluhang matutunan dahil gaya ng kasanayan sa pagsasalita, daluyan ito ng pagpapahayag ng ating damdamin at iniisip (Espina, et al., 2014). Sa pamamagitan din ng pagsulat, naipamamalas ng mag-aaral ang antas ng kaniyang kahusayan sa pagsasaayos ng mga kaisipan, pagkakaroon ng malawak na talasalitaan, kaalaman sa kayarian ng wika, at lawak ng kaalaman sa paksang isinusulat (Cabigao, 2012). Kaya't mahalagang taglayin ng bawat indibidwal ang kasanayan sa pagsulat at magamit ito nang mahusay para sa kaniyang pag-unlad. Sa katunayan, katulad ng iba pang makrong kasanayan (pakikinig, pagbabasa, panonood, at pagsasalita), ang pagsulat din ang sa mga pinakamahalagang kasanayan sa mga mag-aaral upang sila ay makasabay at maihanda sa hinaharap. Dagdag pa riyan, batay sa hangarin ng Kagawaran ng Edukasyon, ang mga mag-aaral na nasa senior years ay dapat magtaglay ng mga akademikong kasanayan na kakailanganin sa pagpasok niya sa kolehiyo o sa unibersidad gayundin ang ilang mahahalagang kasanayan at kaalaman sa pagtatrabaho o pagnegosyo. Kung kaya, isa sa mga asignaturang Filipino sa Senior High School ay ang Filipino sa Piling Larang- Akademik. Ayon sa inilabas na Curriculum Guide ng DepEd, ito ay nakatuon sa Pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating lilinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan kaya't napabilang ito sa Applied Subject. Sa madaling sabi, ito ay pagsulat ng akademikong sulatin. Kinikilala sa ganitong uri ng pagsulat ang husay ng manunulat dahil may kakayahan siyang mangalap ng mahahalagang datos, mag-organisa ng mga ideya, lohikal mag-isip, mahusay magsuri, marunong magpahalaga sa orihinalidad ng gawa, at may inobasyon at kakayahang gumawa ng sintesis.

Sa pagsulat ng sulating pang-akademiko, gumagamit ng piling-piling salita at isinasaalang-alang ang target na mambabasa.

Sa kasalukuyan, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa Asignaturang Filipino at maging pagpapahayag ng kanilang mga ideya at maging ang saloobin sa paraang pasulat ay apektado. Kapansin-pansin na nawawalan sila ng kawilihan, kadalasang hindi pinakikinggan ang mga aralin at kinatatamaran ang pagsulat, at kung nakasusulat man ay kulang sa kasanayan. Ngunit, kahit ganito ang kalagayan ng nasabing kasanayan, hindi maipagkakailang sa pang-araw-araw na gawain sa paaralan, isa ang pagsulat sa mabisang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral maliban sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at panunuod. Marahil, ang paggamit ng estratehiya sa pagtuturo nito ay magiging daan sa pagkakaroon ng interes ng mga mag-aaral na pahalagahan at linagin o hubugin ang nasabing makrong kasanayan. Sa katunayan, binanggit sa pag-aaral ni Gloria (2021), na likas na sa mga guro ang pagiging malikhain at palagiang paggana ng imahinasiyon, sapagkat ito ay isang malaking factor upang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Samantala, ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay mayroong tatlong benepisyo: Una, sa mga mag-aaral, sapagkat sila'y nagkakaroon ng motibasyon upang mag-aaral, dahil sa ipinapakitang kagalingan at kahusayang magturo. Ikalawa, sa paaralan, nahihikayat ang iba pang mag-aaral dahil sa mga kagandahang ipinapakita ng mga guro. Ikatlo, bilang guro, naibibigay ang kailangang matutuhan ng mga mag-aaral, nagagabayan nang maayos dahil sa tunay na kalidad na dala nito, at ang pinakaimportante, mayroong puso sa pagtuturo. Ang pagiging masaya sa serbisyo bilang guro at ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo (Cabigao, 2021). Kung kaya, dapat ang isang guro ay mag-iisip at gagawa ng epektibong estratehiya upang magampanan nang maayos ang aspektong pang-akademiko. Ayon pa kay Abesamis (2006), upang ganap na matutuhan ang mga estilo, pangangailangan, paraan, kasanayan, tuntunin at kalikasan ng pagsulat, kinakailangang ganap na maipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang pagsulat. Kinakailangang maunawaan nilang mabuti ang bawat detalye na bumubuo at nagbibigay kalinawan sa gawaing ito.

Kaugnay ng mga nasabing sirkumstansya, minabuti ng mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral hinggil sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa senior high school na magiging batayan sa pagbuo ng estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat. Ang pagtukoy sa mga estratehiya at antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ay tunay na mahalaga upang makapaghanda ang guro ng mga estratehiya sa pagtuturo ng angkop na estratehiya sa pagsulat ng mga mag-aaral.

## II. RESEARCH OBJECTIVE

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral bago, habang, at pagkatapos sumulat gayundin ang masuri at maanalisa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat bilang batayan sa paglikha ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ng akademikong sulatin. Tiniyak ding masagot ang ugnayan ng estratehiya ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng kakayahan sa pagsulat.

## III. METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo, at korelasyunal na mga disenyo ng pananaliksik upang mailarawan ang mga estratehiya at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang korelasyunal na pamaraan ay ginamit upang masuri ang ugnayan ng mga estratehiya sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat.

Ang mga piniling kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikalabindalawang baitang (Grade-12) na nasa ABM, HUMSS, at STEM na *strand* ng Unibersidad ng La Salette, Inc. Senior High School Department. Ang ABM, HUMSS, at STEM ang magiging respondente sapagkat sila ang mga mag-aaral na may asignaturang Filipino sa Piling Larangan kung saan nakapaloob ang pag-aaralang akademikong sulatin na saklaw ng pananaliksik. Ginamit ang random sampling ang mananaliksik para matukoy ang kabuuang magiging respondente ng pag-aaral. Bunga nito, 86 ang magiging kalahok sa ABM habang 79 sa HUMSS, at 177 naman sa STEM.

Gumamit ang mananaliksik ng Talatanungan o sarbey kwestyuner para sa pag-alam sa mga estratehiya ng mga mag-aaral sa akademikong pagsusulat. Ang sarbey-kwestyuner ay hinalaw mula sa ESLP 82 Questionnaire: Self-Assessment of English Writing Skills and Use of Writing Strategies na binuo ng Marquette University (https://www.marquette.edu/oie/documents/ESLP82QuestionnaireFa08.pdf). Hinalaw lamang ang bahagi ng instrumento na sumusukat sa mga estratehiya sa pagsulat at isinalin ito sa Filipino. Bahagyang minodipika ito ng mananaliksik upang maiangkop ito sa konteksto at layunin ng isinasagawang pag-aaral. Isinailalim ang minodopikang instrumento sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak na maayos ang pagkakasalin at susukatin nito ang mga estratehiya sa pagsulat ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

Bilang bahagi din ng pag-aaral, tinukoy ang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtataya ng kanilang awtput sa pagsulat ng sintesis bilang akademikong sulatin. Kasama ng mananaliksik ang dalawa pang guro ng asignaturang Filipino na nagtaya sa mga sulatin ng mga mag-aaral gamit ang rubrik mula sa ginagamit na pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa pagsulat ng mga akademikong sulatin.

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

**Mga Estratehiya ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin**

Ang akademikong gawaing pagsulat ay may tatlong yugto ng pagsasagawa; bago sumulat, habang sumusulat at pagkatapos sumulat. Mahalagang malinang ang mga estratehiya at mga teknik na epektibong magamit ng mga mag-aaral upang mapagtagumpayan ang akademikong pagsulat. Bawat yugto ng pagsulat ay may mga estratehiyang napatunayan nang mabisang gamitin sa paglinang ng mga kasanayang kailangan sa pagtamo ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

*Mga Estratehiya ng mga Respondente Bago Sumulat*

Makikita sa Talahanayan 1.1. na ang mga estratehiya bago sumulat ay palagi at madalas ginagawa ng mga respondente.

**Talahanayan 1.1.**

**Mga Estratehiya ng Respondente Bago Sumulat**

| **Bago Sumulat** | **Mean** | **Kuwalitatibong Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1. Nirerepaso ko ang aking mga isinulat, maging ang mga *handouts* bago magsimula sa pagsulat. | 4.26 | Palagi |
| 2. Binibigyang-pansin ko ang naiatang na gawain at inuunawang maigi ang panuto bago magsulat. | 4.44 | Palagi |
| 3. Isinusulat ko ang lahat ng aking naiisip na ideya bago magsulat. | 4.24 | Palagi |
| 4. Gumagawa ako ng plano o nagtatala ng mga posibleng ideyang ilalatag para sa nilalaman bago magsulat. | 4.23 | Palagi |
| 5.Gumagawa ako ng balangkas (outline) ng susulatin kong paksa para sa maayos na pagkasunod-sunod nito. | 4.12 | Madalas |
| 6. Gumagawa ako ng *timetable* kung kailan ko isasagawa ang aking pagsusulat | 3.81 | Madalas |
| 7. Bago ko isulat ang burador (draft), ako ay naglalaan ng oras upang makapa-isip-isip sa labas ng silid-aralan. | 4.12 | Madalas |
| 8.Iniisip ko ang ugnayan ng mga bagay na alam ko na at ang mga bagong ideyang mayroon ako. | 4.30 | Palagi |
| 9. Binibigyang-pansin ko ang mga talasalitaang may kaugnayan sa paksang isusulat ko at sinusubukang alalahanin ang mga salitang nabasa. | 4.28 | Palagi |
| 10. Gumagamit ako ng diksyunaryo upang tingnan ang mga salitang hindi ako sigurado bago magsulat. | 3.99 | Madalas |
| 11. Gumagamit ako ng librong pambalarila (panggramatika) upang tingnan ang mga salita o pahayag na hindi ako sigurado kung tama ba, bago magsulat. | 3.81 | Madalas |
| 12. Ibinabahagi ko ang aking mga naiisip sa aking guro o kaklase. | 3.84 | Madalas |
| **Weighted Mean** | **4.12** | Madalas |

Ang mga palaging ginagawa ng mga respondente (batay sa weighted mean na mula 4.23 hanggang 4.44 ng mga ito) ay kinabibilangan ng pagrepaso ng mga isinulat at mga handouts bago magsulat (4.26), pag-unawa sa panuto bago magsulat (4.44), pagsusulat ng lahat ng naiisip na ideya bago magsulat (4.24), paggawa ng plano o pagtatala ng mga posibleng ideya (4.23), pag-iisip ng ugnayan ng mga dating alam at bagong ideya (4.30), at pagbibigay-pansin sa mga talasalitaan na may kaugnayan sa paksang isusulat (4.28).

Ayon sa pag-aaral ni Ybanez (2024), ang pagsunod sa ibinigay na panuto ay makatutulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng gawain. pag-uugnay sa dating kaalaman sa mga bagong ideya na maiuugnay sa sinabi nina Davis at Winek mula sa pag-aaral ni Harvey (2012) na ang kahalagahan ng *background knowledge* sa pagsulat sa pagsasabing “ang nakaraang kaalaman ay mahalaga sa pagsusulat: ang mga mag-aaral na kakaunti ang alam tungkol sa isang itinalagang paksa

ay nahihirapang magsulat tungkol dito" (Davis et al., 1989). Ang pagbibigay-pansin din sa mga talasalitaan kung saan binanggit ni Tanawan (2004) na makikita sa pag-aaral ni Torzar (2021) ay lubhang mahalaga sa tao ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan upang maging maganda ang pagpapahayag, maging talata man o salaysay. Hindi mainam na ulit-ulitin sa pangungusap, talata o sanaysay ang isang salita, pasulat man o pasalita; pagsusulat ng lahat ng naiisip na ideya o *freewriting* na sa katunayan ay binuo ni Peter Elbow noong 1973 at ayon kay Amanda (2020), patuloy pa rin itong ginagamit bilang mabisang estratehiya sa *pre-writing stage* ng pagsulat.

Samantala, ang mga estratehiyang may weighted mean na mula 3.81 hanggang 4.12 ay may interpretasyong 'Madalas' na ginagawa ng mga respondente. Kasama rito ang paggawa ng balangkas ng susulatin (4.12), paggawa ng timetable para sa pagsusulat (3.81), paglalaan ng oras upang mag-isip sa labas ng silid-aralan (4.12), paggamit ng diksyunaryo para sa mga salitang hindi sigurado (3.99), paggamit ng librong pambalarila (3.81), at pagbabahagi ng mga ideya sa guro o kaklase (3.84). Sa kabuuan, 'Madalas' ang naging interpretasyon hinggil sa mga estratehiyang ginagamit habang sumusulat na may kabuuang weighted mean na 4.12. Ang madalas na paggamit ng mga respondente sa mga estratehiyang ito ay sumusuporta sa mga nauna nang mga pag-aaral tulad ng nabuo ni Peter Elbow noong 1973 at ayon kay Amanda (2020) partikular sa pagbuo ng plano bago sumulat. Bilang karagdagan, lumalabas na madalas ang mga estratehiyang ginagamit sa *pre-writing* ay kagaya ng pagbuo ng balangkas, pag-isip sa labas ng silid-aralan, paggamit ng diksyonaryo at librong pambarila upang tignan ang hindi siguradong mga salita, paglikha ng *timetable* kung saan maiuugnay ito sa sinabi ni Hodson (2014), na ang mga bata ay mahusay na nakagagawa kapag nagtakda sila ng kanilang sariling layunin at sa oras na gusto nilang isagawa ang pagsusulat; at pagbabahagi ng naiisip sa guro o klase kung saan maaari silang makakuha ng komento o *feedback* na magpapabuti sa kanilang naiisip na susulatin. Ito ay maiuugnay sa resulta ng pag-aaral na isinagawa sa Aklan Catholic College (2018) na kung saan lumalabas na ang talakayan ay nakapagbibigay ng makabuluhang pagkatuto sa pagitan ng mag-aaral at ng guro (Lee at Martin, 2017). Bilang karagdagan, nakakatulong ang pagbabahagi para sa mga mag-aaral dahil mahalaga ang perspektibo o opinyon ng iba upang malinang ang kaalaman (Auer-Spath at Gluck, 2019).

Bagamat sa pag-aaral na ito ay hindi regular na ginagamit ng mga mag-aaral ang mga estratehiyang ito, ang madalas na paggamit nila sa mga ito ay nagpapakitang sila ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya bago sumulat ng kanilang akademikong sulatin. Ang mga estratehiya na madalas ginagamit, tulad ng paggawa ng balangkas, paglalaan ng oras para sa brainstorming, paggamit ng diksyunaryo at pambalarilang aklat, at pagbabahagi ng ideya sa guro o kaklase, ay nagpapakita ng kanilang kagustuhang magkaroon ng maayos at epektibong pagsusulat. Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong upang mapalalim ang kanilang mga ideya, maging mas organisado ang pagkakalahad ng mga argumento, at maging mas tumpak sa paggamit ng wika at gramatika.

Sa kabuuan, ang mga estratehiyang ito na pinaniniwalaan ng mga respondente na lagi o at madalas nilang ginagawa bago sumulat ay masasabing epektibo at may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Mahalagang mabanggit na ang mga estratehiyang ito ay nagbibigay ng sapat na paghahanda, malinaw na direksyon, at mas malalim na pag-unawa sa paksang susulatin ng mga mag-aaral. Ang regular at madalas na pagsasagawa ng mga estratehiyang ito ay tumutulong upang masanay ang mga mag-aaral sa mga mahusay na gawi sa pagsusulat, na nagbubunga sa mas mataas na kalidad ng kanilang mga akademikong sulatin. Ang madalas at palaging pagsasagawa sa mga ito ay isang indikasyong ang mga mag-aaral ay aktibong naghahanda at nagsasanay upang mapahusay ang kanilang akademikong pagsusulat.

*Mga Estratehiya ng mga Respondente Habang Sumusulat*

Ipinapakita sa Talahanayan 1.2. ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean na nakuha hinggil sa mga estratehiyang ginagamit ng mga respondente habang sila'y sumusulat. Ang resulta ay nagpapakitang palagi at madalas ang paggamit ng mga respondente sa mga estratehiya habang sumusulat ng mga akademikong sulatin.

**Talahanayan 1.2.**

**Estratehiya ng mga Respondente Habang Sumusulat**

| Habang Sumusulat | Mean | Kuwalitatibong Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nagsusulat ako sa komportable't tahimik na lugar upang makapagpokus. | 4.42 | Palagi |
| 2. Ginagamit ko ang aking dating kaalaman upang matulungan akong mapabuti ang aking mga ideya. | 4.48 | Palagi |
| 3. Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging epektibo ang nilalaman. | 4.30 | Palagi |
| 4. Nirerebisa ko habang nagsusulat ang mga ideyang inilahad para maging maayos ang organisasyon nito. | 4.27 | Palagi |
| 5. Habang nagsusulat, binabago o ginagawa kong | 4.31 | Palagi |

| | | |
|---|---|---|
| mas klaro ang mga ideyang inilatag. | | |
| 6. Gumagamit ako ng diksyunaryo upang tingnan ang mga salitang hindi ako sigurado habang nagsusulat. | 3.99 | Madalas |
| 7. Gumagamit ako ng librong pambalarila (panggramatika) upang tingnan ang mga salita o pahayag na hindi ako sigurado kung tama ba habang nagsusulat. | 3.91 | Madalas |
| 8. Kapag hindi ako makapag-isip ng angkop na salita sa aking pahayag ay gumagamit na lamang ako ng parirala (phrase) o salitang malapit ang kahulugan nito. | 4.16 | Madalas |
| 9. Bumubuo ako ng bagong salita kapag hindi ko alam ang salitang katumbas ng naiisip kong ideya sa Filipino. | 3.78 | Madalas |
| 10. Ginagawa kong kasiya-siya ang mga gawaing may kinalaman sa pagsusulat. | 4.08 | Madalas |
| 11. Iniisip kong ang paglinang sa kasanayang pagsulat ay makatutulong sa akin sa iba pang disiplina o larangan. | 4.22 | Palagi |
| 12. Hinihikayat ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pagsasabi sa aking sarili na kaya kong malinang ang kasanayang pagsulat. | 4.23 | Palagi |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **4.18** | Madalas |

Ang mga estratehiya habang nagsusulat ng mga akademikong sulatin na palaging ginagawa (may weighted mean na mula 4.22 hanggang 4.48) sa paniniwala ng mga respondente ay kinabibilangan ng sumusulat sa komportableng at tahimik na lugar upang makapagpokus (4.42), paggamit ng dating kaalaman upang mapabuti ang mga ideya (4.48), pagrerebisa habang nagsusulat para maging epektibo ang nilalaman (4.30) at organisasyon (4.27), pagbabago o paglilinaw ng mga ideya habang nagsusulat (4.31), iniisip na ang paglinang sa kasanayang pagsulat ay makatutulong sa iba pang disiplina o larangan (4.22), at paghihikayat sa sarili na kaya nilang malinang ang kasanayang pagsulat (4.23). Ang mga resultang ito ay nagpapakitang ang mga mag-aaral ay seryoso at sistematiko sa kanilang pagsusulat bilang pagsusumikap na mapaghusay ang kalidad ng kanilang mga akademikong sulatin.

Ang mga estratehiyang madalas ginagamit (batay sa weighted mean na mula 3.78 hanggang 4.16) ay kinabibilangan ng paggamit ng diksyunaryo para sa mga salitang hindi sigurado (3.99), paggamit ng librong pambalarila (3.91), paggamit ng parirala o salitang malapit ang kahulugan kapag hindi makaisip ng angkop na salita (4.16), pagbuo ng bagong salita kapag hindi alam ang katumbas sa Filipino (3.78), at ginagawa ang mga gawaing may kinalaman sa pagsusulat na kasiya-siya (4.08). Ang madalas na paggamit ng mga estratehiyang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagsusulat at upang mapanatili ang kanilang interes at motibasyon sa pagsulat.

Kung susuriin ang datos, makikitang ang mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ay palaging isinasagawa ang mga estratehiyang katulad ng: pagsusulat sa komportableng lugar na maiuugnay sa pag-aaral ni Davis at Winek (1989) na ang nakaraang kaalaman ay mahalaga sa pagsusulat; pagrerebisa habang nagsusulat para sa epektibong nilalaman at organisasyon; at paggamit ng dating kaalaman upang mapabuti ang ideya na sinasabing mahalaga sa mabisang pagsusulat. Sa kabilang banda, madalas ding isinasagawa ng mga mag-aaral ang paggamit ng diksyunaryo at librong pambalarila upang tiyakin ang tamang paggamit ng salita at parirala, paglikha ng timetable upang magkaroon ng organisadong pagsusulat, at pagbabahagi ng ideya sa guro o kaklase para sa karagdagang feedback na mahalaga para sa pag-unlad ng kanilang mga ideya.

Ipinakikita ng datos na ang mga pinakagamiting estratehiya ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral habang sumusulat ay ang paggamit ng dating kaalaman sa pagpapabuti ng nabuong ideya kung saan ito rin ang lumabas na isa pinakamadalas na estratehiya habang nagsusulat sa pag-aaral ni Asmad et al. (2024) kaya, ang katotohanan na ang dami ng dating kaalaman ng isang mag-aaral sa isang paksa ay lubos na nakaiimpluwensiya sa kanilang kakayahang magsulat tungkol sa paksa nang maliwanag; pagsusulat sa komportable't tahimik na lugar upang makapagpokus kung saan maiuugnay ito sa sinabi ni Moxley (2003), na dapat maghanap ng isang tahimik na lugar kung saan nakaayos ang lahat ng iyong kinakailangang mapagkukunan sa pagsusulat– gaya ng personal na kompyuter, diksyunaryo, at papel kaya't upang matulungan kang tumuon sa gawain, maaaring kailanganin mo ang isang lugar na makatuwirang walang mga abala; pagbabago o pagrerebisa ng mga ideya habang nagsusulat upang mas maging klaro, maayos, at organisado ngunit binigyang-linaw ni Heron (2024) na sa pagrerebisa sa bahaging ito ng pagsulat, na ang malayang inaalis, dinadagdagan o isinasaayos ay ang mga detalye ngunit hindi pa rin binibigyan ng gaanong pansin ang pagwawasto sa mga kamalian sa gramatika, sa gamit ng wika at sa mekaniks; pag-iisip na marapat na gawing kasiya-siya ang mga gawaing pagsulat gayundin ang pag-iisip na kaya itong

malinang lalo pa't makatutulong ito sa iba't ibang disiplina o larang. Sa katunayan nga'y may kaugnayan ito sa tinukoy sa pag-aaral ni Dipolog (2022) na ang pagkatuto ay malilinang kung ang mag-aaral ay mausisa, interesado o ganado ngunit ang pagkatuto ay masasakripisyo kung ang mga mag-aaral ay walang pagkakagusto, walang pakialam at walang pakikisangkot. Gayundin, tinukoy na ang mga paniniwala ng mag-aaral ay nakaaapekto sa kanilang pagkilos, partikular na ang pagpili ng mga diskarte sa pag-aaral, at ang kanilang mga emosyonal na kalagayan tulad ng kumpiyansa at pagkabalisa . Samantalang ang iba naman ay madalas gumagamit ng diksyunaryo o librong pambalarila upang tignan ang salitang hindi sigurado, at gumagamit ng parirala o bumubuo ng bagong salitang malapit sa katumbas nitong salita sa Filipino. Gaya nga ng pagbibigay-diin sa pag-aaral nina Lima et al. (2023) na kailangan munang maunawaan ang kahulugan ng mga salita at konsepto upang maipahayag o magamit ang mga ito sa pagsasalita o pagsulat.

*Ang mga Estratehiya ng mga Respondente Pagkatapos Sumulat*

Makikita sa Talahanayan 1.3. ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean na nakuha hinggil sa mga estratehiyang ginagamit ng mga respondente pagkatapos sumulat Ang mga estratehiyang pagkatapos magsulat ng mga akademikong sulatin ay palagi at madalas na ginagawa ng mga respondente.

**Talahanayan 1.3.**

**Estratehiya ng mga Respondente Pagkatapos Sumulat**

| Pagkatapos Sumulat | Mean | Kuwalitatibong Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Binabalikan ko ang aking isinulat upang rebisahin ang nilalaman at mas maging klaro ang mga inilahad na ideya. | 4.30 | Palagi |
| 2. Binabalikan ko ang aking isinulat upang marebisa at mapahusay ang organisasyon o ugnayan ng mga ideya. | 4.28 | Palagi |
| 3. Binabalikan ko ang aking isinulat upang suriin kung wasto ba ang gramatika, talasalitaan, bantas, at baybay ng mga salita. | 4.32 | Palagi |
| 4. Gumagamit ako ng diksyunaryo pagkatapos maisulat ang burador (draft). | 3.87 | Madalas |
| 5. Gumagamit ako ng librong pambalarila (panggramatika) pagkatapos maisulat ang burador (draft). | 3.82 | Madalas |
| 6.Ibinabahagi ko ang aking isinulat sa aking mga kaklase upang makakuha ng mga komento para mapahusay pa ito. | 3.90 | Madalas |
| 7.Ibinabahagi ko ang aking isinulat sa aking mga guro upang makakuha ng mga komento para mapahusay pa ito. | 3.97 | Madalas |
| 8. Sinusuri ko ang mga isinulat ng aking mga kaklase at nagbibigay din ng komento para mapahusay ito. | 3.94 | Madalas |
| 9. Kapag hindi ko naintindihan ang komento mula sa inilahad na mga puna sa aking sulatin, nakikisuyo ako sa nagkomento na ipaliwanag ito sa akin upang maunawaan ko. | 4.10 | Madalas |
| 10. Itinatala ko ang anumang mga komentong nakuha upang magamit ko sa pagsusulat ng iba pang sulatin. | 4.19 | Madalas |
| 11. Itinatala ko rin ang lahat ng pagkakamaling nakuha upang hindi na ito maulit kapag nagsulat ako ng panibagong sulatin. | 4.23 | Palagi |
| 12. Binabasa ko ang mga dating komento mula sa mga lumang sulatin at ginagamit ito sa pagsusulat ng panibagong sulatin. | 4.30 | Palagi |
| **Weighted Mean** | **4.10** | Madalas |

Batay sa mga natuos na weighted mean na mula 4.23 hanggang 4.32, ang mga estratehiya pagkatapos magsulat ng mga akademikong sulatin ay palaging ginagawa ng mga respondente ay kinabibilangan ng pagrerebisa ng isinulat upang mapahusay ang nilalaman at kalinawan ng mga ideya (4.30), pagrerebisa upang mapahusay ang organisasyon o ugnayan ng mga ideya (4.28), pagsusuri ng gramatika, talasalitaan, bantas, at baybay ng mga salita (4.32), pagtatala ng mga pagkakamali upang hindi na maulit (4.23), at pagbabasa ng mga dating komento mula sa mga lumang sulatin upang magamit sa pagsusulat ng panibagong sulatin (4.30). Makikita

na ang mga mag-aaral ay palaging gumagamit ng mga estratehiyang naglalayong mapahusay ang nilalaman, organisasyon, at teknikal na aspeto ng kanilang mga sulatin. Ito ay maiuugnay sa mga pag-aaral na nagpapakita ng kahalagahan ng feedback at rebisyon sa pagpapabuti ng mga akademikong sulatin. Ayon kay Ybanez (2024), ang regular na pagrerebisa at pagkuha ng feedback ay makatutulong sa paglinang ng mas mahusay na kasanayan sa pagsusulat. Ang mga naturang kinalabasan ng pag-aaral ay maiuugnay sa sinabi ni Babcock (2023), na mahalaga ang *proofreading* dahil ito ang huling pagkakataon upang mahanap at maayos ang mga pagkakamali bago iharap ang isang dokumento sa mga mambabasa. Ang pagpo-*proofread* ay nag-aalis ng mga pagkakamali sa gramatika, bantas, paggamit ng malalaking titik, pagbaybay, at pag-format, na nagbibigay-daan na maiparating ang mensahe nang tumpak at mabisa. Sa kabilang banda, ang iba naman ay madalas gumagamit ng diksyunaryo o librong pambalarila para sa anumang paglilinaw ng salita, pagbabahagi sa mga kaklase at guro upang makakuha ng komentong magpapabuti ng sulatin kung saan binigyang-diin nina Hughey na ang paggamit ng *feedback* ay makatutulong sa paglinang ng kakayahan bagamat ito'y naging salungat sa pag-aaral ni Muamaroh (2021) na nagkakaroon ng masamang dulot ng *peer feedback* at ito ay ang kawalan ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagbibigay at pagtanggap ng *feedback*, gayundin, hindi rin sila nasiyahan at hindi nagtitiwala sa *feedback* ng kanilang mga kaibigan; paglilinaw ng mga komentong nakuha kung hindi naging malinaw. Ito ay lumabas din sa pag-aaral nina Asmad et al. (2024) at sinuportahan ng pag-aaral ni Hatie et al. (2021) kung saan natuklasan ng iba na ang mas detalyadong *feedback* ay nagbubunga ng mas malaking pakinabang sa pag-aaral kaysa sa feedback na tungkol lamang sa kawastuhan ng sagot. Ang detalyadong *feedback* ay mas mainam at ginagamit sa mga sanaysay kaysa sa mga obhetibong paraan ng pagsulat; at pagtatala ng mga pagkakamaling natamo upang hindi na maulit pa sa susunod.

Bilang karagdagan, ang mga estratehiyang madalas ginagamit na may mga weighted mean na mula 3.82 hanggang 4.19 ay kinabibilangan ng paggamit ng diksyunaryo pagkatapos maisulat ang burador (3.87), paggamit ng librong pambalarila pagkatapos maisulat ang burador (3.82), pagbabahagi ng isinulat sa mga kaklase (3.90) at guro (3.97) upang makakuha ng mga komento, pagsusuri ng isinulat ng mga kaklase at pagbibigay ng komento (3.94), paghingi ng paliwanag kapag hindi naintindihan ang mga komento (4.10), at pagtatala ng mga komentong nakuha upang magamit sa pagsusulat ng iba pang sulatin (4.19). Ang madalas na paggamit ng mga estratehiyang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay bukas sa *feedback* at aktibong humahanap ng paraan upang mapahusay ang kanilang mga sulatin.

Masasabing ang madalas na paggamit ng mga estratehiya pagkatapos sumulat ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng pagsusumikap nilang mahusay at epektibo nilang naisulat ang anumang sulatin. Ang regular na pagrerebisa at pagkuha ng *feedback* ay makatutulong sa paglinang ng mas mahusay na kasanayan sa pagsusulat. Bukod dito, ang pagsusuri ng mga dating kaalaman at komentaryo ay mahalaga sa pagsusulat, tulad ng binanggit nina Davis at Winek mula sa pag-aaral ni Harvey (2012), na ang mga komento mula sa mga guro at kaklase, ayon sa pag-aaral na isinagawa sa Aklan Catholic College (2018), ay nagbibigay ng makabuluhang pagkatuto at nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga ideya at teknikal na aspeto ng sulatin

**Kasanayan ng mga Respondente sa Akademikong Pagsulat**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang naging marka ng mga respondente hinggil sa pagsulat ng akademikong sulatin kabilang dito ang naging deskripsyon ng kanilang iskor maging ang bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng pare-parehong iskor at ang bahagdang katumbas nito.

**Talahanayan 2.**

**Antas ng kasanayan ng mga respondente sa akademikong pagsulat**

| Antas ng Kasanayan sa Pagsulat | Marka sa Pagsulat ng akademikong sulatin | Bilang ng Mag-aaral | Bahagdan |
|---|---|---|---|
| Nangangailangan ng higit na pagsasanay | 79-pababa | 130 | 38.00 |
| Limitado ang kasanayan | 80-84 | 91 | 26.60 |
| Sapat ang kasanayan | 85-89 | 83 | 24.30 |
| Mahusay | 90-94 | 23 | 6.70 |
| Napakahusay | 95-100 | 15 | 4.40 |

Mapapansin sa talahanayan na karamihan sa mga marka sa pagsulat ng akademikong sulatin ay 79 pababa, na nangangahulugang maraming mag-aaral ang nangangailangan ng higit na pagsasanay. Patunay nito ang bilang na isang daan at tatlumpu (130) o 38% ng mga mag-aaral na nakakuha ng markang ito. Siyamnapu't isa (91) o 26.60% ang nakakuha ng markang mula 80-84, na nagpapahiwatig ng limitadong kasanayan. Walompu't tatlo (83) o 24.30% ang nakakuha ng markang mula 85-89, na nangangahulugang sapat ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Dalawampu't tatlo (23) o 6.70% naman ang nakakuha ng markang 90-94, na nagpapakita ng mahusay na kasanayan sa pagsulat, habang labinlima (15) o 4.40% ang nakakuha ng markang mula 95-100, na nangangahulugang napakahusay ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

Ang resultang ito ay nagpapakitang kaunti lamang sa mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ang may mahusay o napakahusay na kasanayan sa akademikong pagsulat. Marami ang nangangailangan ng puspusang paglinang sa mga kasanayang nakapaloob sa pagsulat ng akademiko. Sumasang-ayon ang resultang ito sa natuklasan nina Bersales at Villafuerte (2008) na kung nakasusulat man ang mga mag-aaral, ang kanilang mga nililikhang sulatin ay hindi tumutugon sa mga itinakdang kraytirya sa kanilang antas ng pagkatuto.

Bukod pa rito, ang kinalabasan ng pag-aaral ay maiuugnay sa ginawang pag-aaral ni Ichiano (2004) na nagpapakita ng malubhang kamalian sa pagsulat ng sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang antas pansekundarya. Kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon, at mekaniks ng pagsulat ng isang sulatin. Binibigyang-suporta ito ng pag-aaral ni Cabaylo (2015) kung saan natuklasang ang lahat ng elemento ng pagsulat ay may karaniwang kamalian ang mga mag-aaral, ngunit higit na may mga pagkakamali sa aspekto ng mekaniks na sumasaklaw sa pagbabaybay, pagbabantas, paggamit ng malaking titik, at paggamit ng palugit.

Ganito rin ang lumabas sa pagsusuri ni Cabansag (2013) na marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng malalaki at maliliit na titik at pagbabantas. Ito'y mga hudyat na kinakailangan ng mabisang estratehiya upang mahubog ang kasanayang hinggil dito bilang paghahanda sa kanila sa antas tersyarya. Ang akademikong sulatin ay magagamit hanggang sa doktoradong pag-aaral kaya nararapat lamang na maihanda sila mula rito.

Sa kabuuan, natuklasan sa pag-aaral na maraming mag-aaral ang nangangailangan ng higit pang pagsasanay at suporta upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang paghahanda sa kanila mula sa mas mababang antas hanggang sa tersyarya at doktoradong pag-aaral ay mahalaga upang matiyak ang kanilang tagumpay sa akademiko at propesyonal na buhay. Ito nga'y mga hudyat na kinakailangan ng mabisang estratehiya upang mahubog ang kasanayang hinggil dito bilang paghahanda sa kanila sa antas tersyarya lalo pa't ang akademikong sulatin ay magagamit hanggang sa doktoradong pag-aaral kaya nararapat lamang na maihanda sila mula rito.

**Mga Estratehiya sa Pagsulat ng mga mag-aaral at ang Antas ng kanilang Kasanayan sa Akademikong Pagsulat**

Isinagawa ang pagsusuri kung may mahalagang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya bago sumulat, habang sumusulat, at pagkatapos sumulat ng mga respondente at sa antas ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Matutunghayan ang resulta nito sa Talahanayan 3.

**Talahanayan 3.**

**Ugnayan ng mga Estratehiya sa Pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang Antas ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat**

| | R-Value | P-Value | Desisyon |
|---|---|---|---|
| Bago Sumulat | 0.08 | 0.12 | *Not significant* |
| Habang Sumusulat | 0.14* | 0.01 | *Significant* |
| Pagkatapos Sumulat | 0.06 | 0.26 | *Not significant* |

Ang natuos na r value na 0.08 at p-value na 0.12 sa pagitan ng mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral bago sumulat ng mga akademikong sulatin at antas ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat ay mas mataas sa .05 na level of significance. Ibig sabihin, ang p-value na higit sa 0.05 ay nagpapahiwatig na hindi sapat ang patunay upang itanggi ang null hypothesis sa pag-aaral na ito na walang mahalagang ugnayan ang mga estratehiya sa pagsulat sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral Nangangahulugan ito na ang mga estratehiya bago sumulat ay walang direktang epekto sa magiging antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, ang paggamit o hindi paggamit ng mga estratehiya bago sumulat ay walang mahalagang epekto sa kalidad ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri sa ugnayan ng mga estratehiya habang sumusulat ng akademikong sulatin ang mga mag-aaral at ang kanilang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat natuos ang r value na 0.14 at p-value na 0.01. Ang p-value ay mas mababa sa 0.05. Dahil sa istadistikal na resultang ito, walang sapat na patunay upang tanggapin ang null hypothesis na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya habang sumusulat at sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga respondente. Malinaw sa kinalabasan ng pagsusuri na may positibong epekto ang paggamit ng mga estratehiya ng mga mag-aaral habang sumusulat sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

Sa ugnayan ng mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral pagkatapos sumulat ng mga akademikong sulatin at antas ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. may r-value na 0.06 at p-value na 0.26. Ito ay nagpapakita ng pagtanggap sa null hypothesis na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya pagkatapos sumulat at sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga respondente. Sa p-value na higit sa 0.05, masasabi na ang mga estratehiya pagkatapos sumulat ng mga mag-aaral ay hindi rin nagkakaroon ng makabuluhang epekto sa kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

Sa kabuuan, natuklasan na tanging ang mga estratehiya habang sumusulat ang may makabuluhang ugnayan sa antas ng kasanayan sa

akademikong pagsulat ng mga respondente. Ang mga estratehiya bago at pagkatapos sumulat ay hindi nagpapakita ng makabuluhang epekto. Ang kinalabasang ito ng pag-aaral ay maaaring maiugnay sa naging pagsusuri sa pananaliksik ni Alharthi (2012) na ang isinasagawang aksyon o gawain ng mga mag-aaral ay hindi palaging sumasalamin sa iniisip nilang ginagawa sa pagsusulat. Lumabas din sa pag-aaral na bagamat may kamalayan sila sa halaga ng estratehiya sa bawat yugto ng pagsusulat ay hindi naman ito laging isinasabuhay kapag pinagsulat na sila ng sulatin.

**METAKOGNITIBONG PAGKATUTO: Estratehiya sa Paglinang ng Kasanayan sa Akademikong Sulatin**

Bagamat marami nang mga estratehiya ang ginagamit sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, isa sa pinakamabisang estratehiya ay ang metakognitibong estratehiya (Flavell, 2004) sapagkat sa pamamagitan nito nailalantad nito ang kamalayang pangkognitibo kagaya ng pagkatuto sa kung paano matuto (learning about learning) at pag-iisip sa kung paano mag-isip (thinking about thinking). Sa madaling sabi, ito ay proseso sa paglikha ng mga indibiduwal ng estratehiya sa kung ano ang alam nila gayundin ang dahilan kung bakit nila ito gagamitin (Tapinta, 2006). Kaugnay nito, sinasabing ang pagkakaroon ng kamalayan sa sariling pagkatuto ay ang unang hakbang sa pagpaplano, pagmo-*monitor,* at pagkokontrol, pagtatasa at pagsusuri ng sarili sa proseso ng pagkatuto (Roeschl-Heils, et al., 2003). Nasa ibaba ang proseso nito:

- Kamalayan sa Kaalaman – sa unang hakbang gamit ang metakognitibong pagkatuto, mainam ang pagtukoy sa saloobin at paniniwala hinggil sa kanilang kakayahan sa pagsusulat. Ito rin ay alinsunod sa aklat na “Teaching Second Language Composition” (Principles and Techniques) na mahalaga ang pagsusuri sa sariling kakayahan para maging matagumpay na manunulat. Isasagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

✓ *Self-rating* mula 0-10 – isusulat ang *rating* sa isang kalahating papel at iikot ito hinggil sa kanilang saloobin at paniniwala ukol sa pagsulat.

✓ Pagpapasulat ng maikling sanaysay at pagpabibigay rin ng sariling grado gamit ang rubric mula sa DepEd

✓ Repleksyon sa pamamagitan ng pagsagot sa gabay na tanong ng guro.

- Paggalugad para sa Pag-unlad – hahayaang magbasa ang mag-aaral ng limang magkakaibang sulatin at susuriin ang naging nilalaman (paksa, tema, at layunin), organisyon o istilo sa pagsulat, mga ginamit na talasalitaan at maging ang mekaniks ng mga ito lalo pa’t sa pag-aaral naman nina. Sisikapin ding itala ang mga bokabularyo na nagtapuan sa sulatin nang sa gayo’s may magamit kapag ang mag-aaral na ang mismong gagamit nito sa pagsulat. Maaaring isagawa ito nang may kapareha o ‘di kaya naman tatlo o limang miyembro sa isang pangkat.

- Pagbabahaginan nang hindi mapag-iwanan – pagbabahagi ng ginawang pagsusuri sa pamamagitan ng round robin – magbabahaginan sa isang maliit na pangkat at pagkatapos ay pipili ng tagapagsalita sa kinabibilangang grupo upang ibahagi naman sa klase ang pangkalahatang pagsusuri. Dito rin magkakaroon ng malayang talakayan upang masigurong malinaw ang konseptong titimo sa isipan ng mga mag-aaral hinggil sa pagsulat.

- Hasa-Basa – kapag malinaw na ang mga konsepto sa mga mag-aaral ay handa na sila sa pagsulat. Una muna ay ang pagbabasa iba’t ibang artikulong hindi bababa sa lima na may kinalaman sa paksang inilatag ng guro nang sa gayon ay maging malaman ang isusulat na sulatin lalo pa’t ang pagbabasa ng mga aklat at iba pang nakalimbag na babasahin ay isang malaking tulong sa pagpapatibay ng kanilang kaalaman patungkol sa panghihiram at ng mga tuntunin nito. Sa bawat tekstong binabasa natin ay kinakailangan laging may kaakibat sa pag-unawa nito, sapagkat walang silbi ang pagbabasa ng anumang nakalimbag na teksto o babasahin kung wala namang pag-unawa rito.

- Alas ang Balangkas – maghahanda ang mag-aaral ng balangka bilang *blue print* o gabay sa susulating burador. Ipapabahagi din ito sa klase upang masigurong ang nilalaman ay tumuntunton sa paksang nais maging pokus. Sa simulaing ibinahagi ni Badayos na hindi dapat kaligtaan ng isang guro (2001), inihayag niyang dapat may interaksyong pangmag-aaral sa proseso ng pagsulat

- Bura-door – gamit ang Panimula-katawan - kongklusyon na *Template*, magsusulat na ng unang burador ang mga mag-aaral. Pagkatapos ng pagsusulat, magkakaroon ng *peer evaluation* nang sa gayon masuri ang kahinaan at kalakasan ng unang burador mula sa nilalaman, organisasyon, talasalitaan, at mekaniks. Magiging gabay rin ng mga tagasuri ang binuong balangkas. Pagkatapos nito’y magbibigay ng komento sa papel at inisyal na grado ang tagasuri gamit ang rubrik mula sa DepEd. Ang unang burador na sinuri ng kamag-aral ay magbubukas ng isipan ng mga mag-aaral ng pagtanggap sa naging kahinaan ng isinulat nang sa gayo’y hindi na ulitin pa’t lalong mapabuti ang binubuong sulatin.

- Huling tanaw para sulati’y malinaw – mula sa mga naging komento ng kamag-aral sa unang burador, sisikaping rebisahin at i-edit ang anumang pagkakamaling nakamit gayundin kung may mga pagkukulang nang sa gayon bago tuluyang ipasa sa guro ay nagkaroon muna ng malalimang pagsusuri sa sariling akda.

- Ipaskil mo*!* – gamit ang google classroom na nilikha ng guro. Isusumite ng mga mag-aaral ang pinal na sulatin. Pagkatapos nito, ang sumuri sa naunang burador ay ang siyang muling magtataya sa pinal na

sulatin nang sa gayo'y masigurong ang naging komento ay naisabuhay nang manunulat. Sa puntong ito rin, maglalahad ng isa-isang komento ang guro sa mga naging sulatin nang sa gayo'y may basehan ang mag-aral sa kung paano mapapabuti ang sulatin bukod pa sa komento ng kapwa.

- Pagbubulay-bulay para sa pananagumpay – kapag naibalik na ang sulatin, magsusulat ng maikling repleksyon ukol dito gayundin ang pag-iisip ng iba pang estratehiya para mapabuti ang naging kahinaan at mapanatili ang naging kalakasan ng akademikong sulatin.

## V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral at ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng akademikong sulatin upang makabuo ng mga gabay na estratehiya na makatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, at upang magkaroon ng mas detalyadong pang-unawa sa mga epektibong paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa larangang ito.

Batay sa resulta, lahat ng mga estratehiya bago sumulat, habang sumusulat at pagkatapos sumulat ay palagi at madalas ginagamit ng mga respondente. Ang pinakagamiting estratehiya bago magsulat ay ang pagbibigay pansin sa mga iniatang na gawain at pag-unawang maigi sa panuto bago magsulat. Sa habang sumusulat naman, ang pinakagamiting estratehiya ay ang paggamit ng dating kaalaman upang mapabuti ang mga ideya. Sa bahaging pagkatapos sumulat naman, nangibabaw ang pagbabalik sa sinulat upang suriin kung wasto ba ang gramatika, talasalitaan, bantas, at baybay ng mga salita.

Karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang kasanayan sa agsulat ng akademikong sulatin, na nagpapahiwatig ng pangangailangan nila ng higit na pagsasanay.

Sa ugnayan ng mga estratehiya sa akademikong pagsulat at antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral, natukoy na ang paggamit ng mga estratehiya habang sumusulat ay may positibong epekto sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan. Wala namang natuklasang anumang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya bago sumulat o pagkatapos sumulat ng mga akademikong sulatin at antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

May mga pangunahing aspeto ng metakognitibong pagsulat na mahalaga sa paglinang ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral mula sa resulta ng pagsusuri. Una ang pagpaplano at paghahanda bago magsulat na kinabibilangan ng pagtutok sa layunin ng sulatin, pagpili ng estruktura, at pagbuo ng balangkas. Pangalawa ang pagmonitor at pagtataya sa sariling sulatin. Pangatlo ang regular na pag-aaral at pagbabago sa mga sulatin at ang pagpapaunlad ng regulasyon sa sarili o self-regulation sa pagsusulat. Ang mga ito ang naging pokus sa inihandang mga estratehiya sa pagkatuto at paguturo ng akademikong pagsulat.

Mula sa kongklusyon, marapat na isulong ang pagpapalakas ng palaging paggamit ng mga estratehiyang bago sumulat upang mapalakas ang determinasyon at malinang ang pagkakaroon ng direksyon ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Mahalaga ring suportahan ang kanilang regular na paggamit ng diksyunaryo, pambalarilang aklat, at pagbuo ng mga bagong salita, upang mapanatili ang kanilang interes at kahusayan sa wastong paggamit ng wika.

Magsagawa rin ng mga gawain sa silid-aralan na naglalayong suportahan ang mga estratehiya habang sumusulat ng akademikong sulatin tulad ng pagtutok sa maayos na pagplano, sistematikong pagmomonitoryo at pagtataya, at regular na pagrerebisa ng sulatin ng mga mag-aaral.

Iminumungkahi ring ituro ng mga guro ang mga teknik sa teknikal na pagsusuri, epektibong paggamit ng fidbak, at pag-aaral mula sa mga nakaraang komento. Ang mga guro ay dapat maglaan ng oras para sa mga sesyon ng rebisyon, kung saan mabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magrebyu at marebisa ang kanilang mga sulatin batay sa natanggap na fidbak.

Iminumungkahi ang pagpapatupad sa mga paaralan ng mga espesyal na programa at worksyap na nakatuon sa proseso ng pagsulat mula sa pagpaplano hanggang sa rebisyon. Dapat ding magkaroon ng indibidwal na mentoring at *personalize*d na fidbak mula sa mga guro upang maitama ang mga kahinaan. Itaguyod ang pagbabasa ng mga akademikong artikulo upang mapalawak ang bokabularyo at mapahusay ang pagsusulat ng mga mag-aaral. Maaari itong isama sa mga layunin ng mga interbensyon sa mga paaralan.

Mainam ding paigtingin ang regular na pag-aaral at pagbabago sa mga gawain sa akademikong pagsulat upang malinang ang mga metakognisyong aspeto nito kasama na ang pagmomonitor at pagkontrol sa sariling direksyon ng pagsusulat, pagsasagawa ng mga naaangkop at epektibong mga estratehiya bago, habang at pagkatapos sumulat ng mga akademikong sulatin.

Pagtutok sa mga estratehiya habang sumusulat, pagsusuri at pagsubaybay sa progresibong pagsulat, paggamit ng teknolohiya sa pagsusulat, paglinang ng self-regulation skills, at pagsasama ng mga epektibong estratehiya sa kurikulum upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

Gayundin, ang nabuong mga estratehiya mula sa pagsusuri sa mga estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ay

iminumungkahing gamitin ng mga guro upang makita ang mga dapat pagbutihin sa mga ito.

Panghuli, sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomendang pagtuunan ang mga iba pang salik na hindi nasakop ng pag-aaral na ito at may malaking epekto sa paglinang ng mga kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

ACKNOWLEDGMENT

Lubos na nagpapasalamat ang mga awtor ng pag-aaral sa lahat ng mga indibiduwal na nagkaroon ng malaking ambag lalong-lalo na sa mga mag-aaral bilang mga kalahok sa pag-aaral maging ang mga tagasuri sa mga sulatin ng mga mag-aaral.

REFERENCES

[1] Abesamis, N. R., Angeles, C. I., Babasoro, P. R., Bulaong, J. C., Salvador, J. S., Suratos, M. M., Tuazon, M. N. Q., & Villanueva, J. M. (2006). Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino I sa Kolehiyo). Lungsod ng Valenzuela: Mutya Publishing House Inc

[2] Aklan Catholic College. (2018, October 16). Ang pagbabahagi ng kaalaman sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Kinuha sa https://www.coursehero.com/file/p6o87sj/Ang-pagbabahagi-ng-kaalaman-sa-pagitan-ng-guro-at-mga-mag-aaral-Ayon-sa-aklat-na/

[3] Alharthi, K. M. (2012). The Impact of Writing Strategies on the Written Product of EFL Saudi Male Students at King Abdul-Aziz University. University of Newcastle upon Tyne.

[4] Amanda. (2020). Writing Strategies. Kinuha sa https://medium.com/my-research-essentials/writing-strategies-freewriting-88c7d1922a66

[5] Asmad, L. et al. (2024). Mga Estratehiyang Pinakaginagamit sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. American Journal of Humanities and Social Sciences. 08. 202-214.

[6] Bersales, R. A. & Villafuerte, P. (2008). Pagtatasa ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City: MJPI Mega – Jesta Prints Inc.

[7] Cabansag, J. N. (2013). Written language proficiency of laboratory high school students in a state university in cagayan valley Philippines. International Refereed Research Journal, 4(2), 87.

[8] Cabaylo, V. L. (2015). Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga mag-aaral sa Hayskul: Isag Pagsusuri at Remedyasyon. Graduate School – Holy Trinity College of General Santos City – General Santos City

[9] Cabigao, J. R. (2012). Action research: Magsikap. Mamulat. Magsulat. Pagpapaunlad sa batayang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7, Pamarawang High School. Kinuha sa https://www.researchgate.net/publication/337110884

[10] Cer, E. (2019). The Instruction of Writing Strategies: The Effect of the Metacognitive Strategy on the Writing Skills of Pupils in Secondary Education. Sage Open, 9(2). https://doi.org/10.1177/2158244019842681

[11] Espina, L., et al. (2014). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Mindshapers Co. Inc. Intramuros, Manila.

[12] Flavell, J. H. (2004). Theory-of-mind development: Retrospect and prospect. Merrill-Palmer Quarterly, 50, 274-290.

[13] Gloria, A. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya.

[14] Harvey, H. (2021). Impact of Schema on Students' Writing, Honors Theses, undergraduate thesis, department of education, The University of Mississippi. https://egrove.olemiss.edu/hon_thesis/1638

[15] Hattie, J., Crivelli, J., Gompel, K., & West-Smith, P. (2021). Feedback that Leads to Improvement in Student essays: Testing the Hypothesis that "Where to Next" Feedback is Most Powerful", Front. Educ.

[16] Hodson, H. (2014). Personalised Learning Lets Children Study at Their Own Pace. Kinuha sa https://www.newscientist.com/article/mg22530024-200-personalised-learning-lets-children-study-attheir-own-pace

[17] Ichiano, E. R. (2004). Mga Kamalian sa mga Sulating Pormal sa Filipino ng Ikalawang Taon Pansekundarya: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat at Pakikipagtalastasan.

[18] Lima, C., et al. (2023, Disyembre). Pagpapabuti ng kasanayan sa wastong paggamit ng mga salita gamit ang estratehiyang video-based. University of Cebu Lapu-Lapu and Mandaue Mandaue City, Philippines. Kinuha sa https://www.nursinghero.com/study-files/4138635

[19] Moxley, J. (2003). Establish a Comfortable Place to Write. Kinuha sa https://writingcommons.org/section/mindset/self-regulation/establish-a-comfortable-place-to-write/

[20] Tapinta, P. (2006). Exploring Thai EFL university students' awareness of their knowledge, use, and control of strategies in reading and writing (Unpublished doctoral dissertation). University of North Texas

[21] Ybanez, V. (2024) Pagsunod sa Panuto. Kinuha sa https://www.scribd.com/presentation/503148504/Aralin-1-Pagsunod-sa-Panuto